# ARALIN 5

1. Saan nagmula ang lahat ng mga anghel?
-Nilalang silang lahat ng Diyos nang sa pasimula.

2. Noong nilalang ng Diyos ang mga anghel, binigyan ba sila ng Diyos ng laman at dugo?
-Hindi.
-Nilalang ng Diyos ang mga anghel na mga espiritu.

3. Bakit nilalang ng Diyos ang mga anghel?
-Nilalang ng Diyos ang mga anghel upang mahalin Siya.
-Nilalang ng Diyos ang mga anghel upang sumunod sa Kanya.
-Nilalang ng Diyos ang mga anghel upang paglingkuran Siya.

4. Nilalang ba ng Diyos ang mga anghel na mabuti o masama?
-Nilalang ng Diyos ang lahat na mga anghel na mabuti lamang.

5. Ilang anghel ang nilalang ng Diyos?
-Lumalang ang Diyos ng maraming mga anghel, hindi natin sila kayang bilangin.

6. Nang pasimula, saan nakatira ang lahat ng mga anghel?
-Sa langit kasama ang Diyos.

7. Ano ang pangalan ng anghel na nilalang ng Diyos na labis katalinuhan at labis na kagandahan?
-Lucifer.

8. Nilalang ba ng Diyos si Lucifer na mabuti o masama?
-Mabuti.
-Ang Diyos ay lumalalang lamang ng mabubuting anghel.



9. Nang pasimula, ano ang nangyari kay Lucifer?
-Nakita ni Lucifer ang kanyang katalinuhan at kagandahan, naging mapagmataas, at ninais na tanggalin ang Diyos sa Kaniyang trono.

10. Sino ang unang gumawa ng masama?
-Lucifer.

11. Alam ba ng Diyos na gusto Siyang tanggalin ni Lucifer sa trono?
-Oo.
-Alam ng Diyos ang lahat ng masasamang iniisip ni Lucifer.

12. Pinahintulutan ba ng Diyos si Lucifer na tanggalin Siya sa trono?
-Hindi.

13. Dahil si Lucifer ang unang nagkasala, pinalitan ng Diyos ang pangalan ni Lucifer. Ano ang bagong pangalan ni Lucifer?
-Satanas.

14. Ano ang ibig sabihin ng pangalang Satanas?
-Ang pangalang Satanas ay nangangahulugang “kaaway.”

15. Paano pinarusahan ng Diyos si Satanas sa paggawa ng masama?
-Nagalit nang lubos ang Diyos kay Satanas, at pinalayas siya sa langit.

16. Dahil ang mga anghel na sumunod kay Satanas ay nagkasala laban sa Diyos, binago ng Diyos ang kanilang mga pangalan. Ano ang bagong pangalan ng mga anghel na sumunod kay Satanas?

-Mga demonyo.

17.  Paano pinarusahan ng Diyos ang mga demonyong sumunod kay Satanas?
-Nagalit nang lubos ang Diyos sa kanila, at pinalayas silang lahat sa langit.

18.  Paano pa pinarusahan ng Diyos si Satanas at ang kanyang mga demonyo?
-Naghanda ang Diyos ng isang kakila-kilabot na lugar ng Walang hanggang kaparusahan para kay Satanas at sa kanyang mga demonyo.

19.  Ano ang pangalan ng kakila-kilabot na lugar na ito ng walang hanggang kaparusahan?
-Ang Lawa na Apoy.

20.  Saan nakatira ngayon si Satanas at ang kaniyang mga demonyo?
-Si Satanas at ang kanyang mga demonyo ay naninirahan ngayon sa mundo.

21.  Ano ang ginagawa ngayon ni Satanas at ng kaniyang mga demonyo?
-Sila ay lumalaban sa gawain ng Diyos araw at gabi.

-Basahin natin muli ang mga unang salita sa Aklat ng Diyos:

Basahin natin ang Genesis 1:1

1-Nang pasimula ay nilikha ng Diyos ang langit at lupa.

-Ano ang simula?



-Ang simula ay ang panahong matagal nang nilikha ng Diyos ang lahat.

-Sa simula, sino ang lumikha ng lahat ng bagay sa mundo?
-Diyos.

-Lahat ng bagay sa mundo ay nilikha ng Diyos sa simula.

-Ano ang nasa mundo bago nilikha ng Diyos ang lahat?
-Wala.

-Kung walang anuman sa mundo, ano ang ginamit ng Diyos upang likhain ang lahat?

-Ano ang ginamit ng Diyos upang likhain ang lupa at langit?

-Ano ang ginamit ng Diyos upang likhain ang araw, buwan, at mga bituin?

-Kung walang mga puno, makakagawa ba kayo ng bahay?
-Hindi.

-Kayo bang mga kalalakihan ay makagagawa ng bahay mula sa wala?
-Hindi.

-Kung walang luwad, makagagawa ba kayong mga kababaihan ng palayok?
-Hindi.

-Kayo bang mga kababaihan ay makagagawa ng palayok sa wala?
-Hindi.

-Kung walang mga tambo, magagawan ba ninyong mga bata ang laruan?
-Hindi.

-Kayo bang mga anak ay makakagawa ng laruan mula sa wala?
-Hindi.

-Kung walang anuman sa mundo, ano ang ginamit ng Diyos upang likhain ang lahat?
-Wala.

-Kung gayon paano nilikha ng Diyos ang mundo?

-Nilikha ng Diyos ang mundo mula sa wala.

-Nilikha ng Diyos Ama, Diyos Anak, at Diyos Espiritu Santo ang lahat mula sa wala.

-Paano nagawang likhain ng Diyos ang langit at ang lupa mula sa wala?

-Paano nagawang likhain ng Diyos ang lahat mula sa wala?
-Ang Diyos ay makapangyarihan sa lahat.

-Ang kapangyarihan ng Diyos ay walang wakas.

-Ang kapangyarihan ng Diyos ay walang hanggan.

-May hangganan ba ang kapangyarihan ng Diyos?
-Wala.

-Walang hangganan ang kapangyarihan ng Diyos.



-Walang katapusan ang kapangyarihan ng Diyos.

-Walang hindi kayang gawin ng Diyos.
-Magagawa ng Diyos ang lahat.

-Ginawa ng Diyos ang lahat ng mundo mula sa wala.

-May sinuman bang mas makapangyarihan kaysa sa Diyos?
-Wala.

-Si Satanas ba ay mas makapangyarihan kaysa sa Diyos?
-Hindi.

-Ang mga demonyo ba ni Satanas ay mas makapangyarihan kaysa sa Diyos?
-Hindi.

-Ang mga tao ba ay mas makapangyarihan kaysa sa Diyos?
-Hindi.

-Mayroon bang anumang bagay na hindi kayang gawin ng Diyos?
-Wala.

-Magagawa ng Diyos ang anumang nais Niyang gawin.
-Magagawa ng Diyos ang lahat ng nais Niyang gawin.

-Paano nalaman ng Diyos kung paano likhain ang lahat mula sa wala?

-May nagturo ba sa Diyos kung paano likhain ang lahat?

-Kayong mga kalalakihan ay nagtuturo sa inyong mga anak na

lalaki kung paano magtanin ng mais, dahil ang mga batang lalaki ay hindi marunong magtanim ng mais.

-Kayong mga kababaihan ay nagtuturo sa inyong mga anak na babae kung paano magluto, dahil ang mga batang babae ay hindi marunong magluto.

-May nagturo ba sa Diyos kung paano likhain ang lahat?
-Wala.

-Bakit walang sinuman ang nagturo sa Diyos?

-Dahil sa simula, walang sinuman na naroon upang magturo sa Diyos.

-Kung nabuhay lamang ang Diyos bago pa ang simula, wala nang ibang magtuturo sa Kanya.

-Gayundin, hindi kailangan ng Diyos ng sinuman na magturo sa Kanya.

-Bakit hindi kailangan ng Diyos ang sinumang magturo sa Kanya?

-Dahil alam ng Diyos ang lahat.

-Ang katalinuhan ng Diyos ay hindi nagwawakas.
-Ang katalinuhan ng Diyos ay walang hanggan.

-May limitasyon ba ang katalinuhan ng Diyos?
-Wala.

-Walag hangganan ang katalinuhan ng Diyos.



-Walang katapusan ang katalinuhan ng Diyos.

-Walang bagay na hindi alam ng Diyos.
-Alam ng Diyos ang lahat.

-Nilikha ng Diyos ang buong mundo mula sa wala.

-Mayroon bang mas matalino kaysa sa Diyos?
-Wala.

-Si Satanas ba ay mas matalino kaysa sa Diyos?
-Hindi.

-Ang mga demonyo ba ni Satanas ay mas matalino kaysa sa Diyos?
-Hindi.

-Ang mga tao ba ay mas matalino kaysa sa Diyos?
-Hindi.

-Alam ng Diyos ang lahat tungkol sa lahat ng bagay.

-Ito ang dahilan kung bakit dapat tayong makinig sa Salita ng Diyos.